

HINDI PALAGING MGA ANTIBIOTIC ANG SAGOT.



Ang mga antibiotic ay nagliligtas ng mga buhay. Ang pagpapaunlad ng paraan kung paano nagrereseta ng mga antibiotic ang mga propesyunal sa pangangalaga ng kalusugan, at ng mga paraan natin ng paggamit ng mga antibiotic, ay makakatulong na manatili tayong malusog ngayon, makakatulong sa pag-tugon sa di pagtalab ng antibiotic, at makakatiyak na itong mga gamot na nagliligtas ng buhay ay magagamit ng mga susunod na henerasyon.



ALAMIN ANG TUNGKOL SA MGA ANTIBIOTIC

MATALINONG PAGGAMIT,
PINAKAMAHUSAY NA
PANGANGALAGA

Ang mga Katotohanan:

Kapag kailangan ng isang pasyente ang mga antibiotic, higit ang pakinabang kaysa sa panganib na magkakaroon ng di kanais-nais na epekto o ng di pagtalab ng antibiotic.

Kapag hindi kailangan ang mga antibiotic, hindi ka matutulungan ng mga ito, at maaaring masaktan ka sa mga di kanais-nais na epekto.

Kabilang sa mga karaniwang di kanais-nais na epekto ng mga antibiotic ang pangangati, pagkahilo, pagkaalibadbad, pagtatae, o mga impeksyon ng yeast. Kabilang sa mas seryosong mga di kanais-nais na epekto ang impeksyon na *Clostridium difficile* (tinatawag din na *C. difficile* o *C. diff*), na nagiging sanhi ng pagtatae na maaaring tumuloy sa malalang pagkawasak ng colon o bituka at kamatayan. Ang mga tao ay maaari ding magkaroon ng malalala at may banta sa buhay na mga alerdyik na reaksiyon.

Ang mga antibiotic ay hindi tumatalab sa mga virus na tulad ng mga sipon at lagnat, o uhog, kahit pa malapot ang mucus, madilaw, o maberde.

Kailangan lamang ang mga antibiotic sa paggamot ng ilang impeksyon na dulot ng bakterya. Hindi rin makakatulong ang mga antibiotic sa ilang karaniwang impeksyon dulot ng bakterya kabilang ang maraming kaso ng brongkitis, maraming impeksyong sinus, at ilang impeksyon sa tainga.

Ang paggamit ng mga antibiotic ay lumilikha ng mga bakterya na palaban. Ang paglaban sa antibiotic ay nangyayari kapag wala nang epekto sa bakterya ang mga gamot na nakadisenyong pumatay sa kanila.

Bawat taon sa Estados Unidos, humigit-kumulang sa **2 milyong** tao ang nai-impeksyon ng mga bakteryang-palaban sa mga antibiotic. Humigit kumulang na **23,000** na mga tao ang namamatay bilang resulta nito.

Kung kailangan ninyo ng mga antibiotic, gamitin ang mga ito ayon sa pagka-reseta. Makipag-usap sa inyong doktor kung may anumang tanong kayo tungkol sa inyong mga antibiotic, o kung nagkaroon kayo ng anumang di kanais-nais na mga epekto, lalo na ang pagtatae, dahil maaaring iyon ay isang impeksyon na *C. difficile* (*C. diff*) na kailangang gamutin.

Ang mga reaksiyon sa mga antibiotic ay nagiging dahilan ng 1 sa 5 na mga medikal na kasong kailangan ang pagbisita sa departamento ng emergency. Sa mga bata, ang mga reaksiyon sa mga antibiotic ay ang mga pinaka-karaniwang dahilan ng mga medikal na kasong pagbisita sa departamento ng emergency.



Mga Tanong sa Inyong Propesyunal na Tagapangalaga ng Kalusugan

Kung may sakit ang inyong anak, narito ang tatlong mahahalagang maitatanong sa inyong propesyunal na tagapangalaga ng kalusugan:

1. Ano ang pinakamahasag na paggamot sa sakit ng aking anak?

Mas gaganda ang pakiramdam ng inyong anak kung walang antibiotic. Ang mga virus sa daanan ng paghinga ay karaniwang nawawala sa loob ng isa o dalawang linggo nang walang paggamot. Tanungin ang inyong propesyunal na tagapangalaga ng kalusugan tungkol sa pinakamahasag na paraan upang maging maganda ang pakiramdam ng inyong anak habang nilalabanan ng kanyang katawan ang virus.

Karaniwang Kondisyon	Karaniwang Dahilan			Kailangan Ba Ang Mga Antibiotic?
	Bakterya	Bakterya o Virus	Virus	
Strep throat (Nangangating Lalamunan)	✓			Oo
Humaharurot na ubo	✓			Oo
Impeksyon sa daanan ng ihi	✓			Oo
Impeksyon sa sinus		✓		Baka
Impeksyon sa gitna o loob ng tainga		✓		Baka
Brongkitis/nanlalamig na dibdib o naiipit na sipon (sa mga bata o matatanda na tila malulusog naman)*		✓		Hindi*
Karaniwang sipon/uhog			✓	Hindi
Nangangating lalamunan (maliban sa strep)			✓	Hindi
Lagnat			✓	Hindi

*Ipinakikita ng mga pag-aaral na sa mga bata at matatanda na malulusog naman, ang mga antibiotic laban sa brongkitis ay hindi makakatulong upang bumuti ang pakiramdam.

2. Ano ang kailangan kong malaman tungkol sa mga antibiotic na inirereseta sa anak ko ngayon?

Ang antibiotic na inirereseta ay kailangan na siyang pinaka-tamang paggamot ng impeksyon, na magdudulot ng pinaka-kaunting mga di kanais-nais na epekto. Ang ilang uri ng mga antibiotic tulad ng fluoroquinolones, ay may mas malakas na kaugnayan sa malalalang di kanais-nais na epekto tulad ng nakamamatay na impeksyon na *C. diff*. Binabalaan ng Food and Drug Administration (FDA) ang mga propesyunal sa pangangalaga ng kalusugan na magreseta lamang ng fluoroquinolones kapag hindi magagamit ang isa pang mapagpipiliang paggamot. Itong mga makapangyarihang antibiotic ay karaniwang inirereseta kahit hindi sila ang mga paggamot na inirerekomenda.

3. Ano ang puwede kong gawin upang matulungan ang aking anak na mas bumuti ang pakiramdam?

Ang mga gamot laban sa pananakit, mga pampababa ng lagnat, mga pang-spray o pampatak na may asin o saline, mga pampatong na mainit-init, mga inumin, at ang pagpapahinga ay maaaring ang pinakamainam na paraan upang matulungan ang inyong anak na mas bumuti ang pakiramdam. Masasabi sa inyo ng inyong propesyunal na tagapangalaga ng kalusugan kung paano maiibsan ang mga sintomas ng inyong anak.

Upang mas matuto pa tungkol sa pagrereseta at paggamit ng antibiotic, bumisita sa www.cdc.gov/antibiotic-use.



HAWAII STATE
DEPARTMENT
OF HEALTH

